EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Programa ng Ontario para sa Pagpapabuti ng mga Kakayahan

Ang Programa ng Ontario para sa Pagpapabuti ng mga Kakayahan **(**Ontario Skills Development Program) ay nagkakaloob ng tulong sa mga taong walang-trabaho na nararapat o naging nararapat sa kamakailan lang para sa Employment Insurance at kailangang matuto ng mga kakayahan sa trabaho na magagamit nila upang muling makapagtrabaho.

Ang programa ay nagkakaloob ng tulong na pananalapi para tulungan ang mga tao sa mga ilang gastos na gaya ng matrikula at mga libro na kaugnay sa mga pagsasanay na kanilang kailangan upang muling makapagtrabaho.

Sino ang pwedeng mag-aplay?

Ang mga taong naghahanap ng trabaho na walang-trabaho ay pwedeng mag-aplay na sumali kung sinasapat nila ang **isa** sa sumusunod na mga kondisyon:

- Sila ay nag-file ng claim para sa Employment Insurance benefits o natapos na sa loob ng nakaraang tatlong taon ang kanilang Employment Insurance benefit.
- Sila ay nag-file ng claim para sa Employment Insurance maternity o parental benefits at tumanggap sila ng benefits sa loob ng nakaraang limang taon, at sila ay nagtatrabahong muli pagkatapos nilang huminto ng pagtatrabaho para mag-alaga ng mga anak na bagong silang o bagong ampon.

Para sa mga pagpapasya na kung magiging nararapat makasli ang isang tao, ang petsang natanggap ng *Employment Ontario* ang kinumpletong aplikasyon ang itituring na petsang humingi siya ng tulong.

Maaaring nauukol ang mga ibang pamantayan.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Tawagan ang walang-bayad na hotline ng *Employment Ontario* hotline sa 1-800-387-5656, o (416) 326-5656 sa Toronto, para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano makakuha ng mga serbisyo ng Programa ng Ontario para sa Pagpapabuti ng mga Kakayahan sa inyong lugar.

Pwede rin kayong makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Ontario para sa Pagpapabuti ng mga Kakayahan sa pagkontak sa opisina ng Mga Serbisyo ng Pagtulong ng Ontario sa Paghahanap ng Trabaho (Ontario Employment Assistance Services) sa inyong lugar. Pwede ninyong hanapin ang numero ng telepono at lokasyon ng opisina ng Mga Serbisyo ng Pagtulong ng Ontario sa Paghahanap ng Trabaho sa isang partikular na lugar sa pagtingin sa www.edu.gov.on.ca/eng/tcu/search.html.